# Gusto mo bang mag-invest?

## Kung ganon, tandaan ang mga sumusunod



### MAG-ARAL

- Suriing mabuti ang "investment product"na inaalok.

### MAG-USISA

- Magtanong at unawain ang "investment product".
- Kung hindi ito maintindihan, huwag ito bilhin.

### MAG-INGAT

- Kung ang alok ay napakaganda, malamang ay hindi ito totoo.
- Iwasan ang "pyramiding," na nanghihikayat na kumuha ng iba pang "investors" kapalit ng mas malaking kita.

### MANIGURO

- Siguraduhing nakarehistro sa Securities and Exchange Commission (SEC) ang mga "investment product" na inaalok. Hingin ang "prospectus."
- Ang isang kumpanya na may "Certificate of Incorporation" na galing sa SEC ay hindi nangangahulugan na ang "investment product" ng naturang kumpanya ay may pahintulot na ng SEC.
- Kung ang produkto ay "insurance," dapat ay may pahintulot ito ng Insurance Commission (IC).
- Ang mga "investment product" na galing sa mga bangko ay dapat na may pahintulot ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP).
- Makipag-transaksyon lamang sa mga ahente o "broker" na lisensyado ng SEC o kaya ng IC kung "insurance" ang produkto.
- Kung ang "investment product"ay galing sa mga bangko, makipag-transaksyon lamang sa mga empleyadong may pahintulot ng mga naturang bangko.

### MAGING MASINOP

- Itago ang katibayan ng "investment" tulad ng resibo, kontrata, kasunduan o "certificate" at mga dokumentong kahintulad nito, sa isang ligtas na lugar.

### TANDAAN

- Ang mga "investment product" ay hindi nakaseguro o "insured" sa Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC).

**Para sa mga karagdagang impormasyon, maaari kayong bumisita sa "website" ng BSP (www.bsp.gov.ph), SEC (www.sec.gov.ph) at IC (www.insurance.gov.ph).**


The Head
**Financial Consumer Affairs Group**
Supervision and Examination Sector,
BANGKO SENTRAL NG PILIPINAS
A. Mabini St., Malate, Manila 1004
E-mail: consumeraffairs@bsp.gov.ph
Tel. No.: 524-7011 local 2584

The Director
**Corporation Finance Department**
SECURITIES AND EXCHANGE COMMISSION
SEC Building, EDSA, Greenhills, Mandaluyong City
E-mail: justina.callangan@sec.gov.ph
Tel. No.: 584-6103

The Head
**Public Assistance and Information Division**
INSURANCE COMMISSION,
1071 United Nations Ave., Manila 1000
E-mail: pubassist_ic@yahoo.com
Tel. No.: 523-8461 to 70 local 103 or 104